DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
30 JUL 2026
CTRL No.: 2026-07-371

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 371, s. 2026**

30 Hulyo 2026

**PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KASAYSAYAN 2026**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Punong Superbisor (CID at SGOD)
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Punong-guro at Pinuno ng Pampubliko at Pribadong Paaralan
Lahat ng Kinauukulan

1. Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon Blg. 00994, s. 2026 at sa Proklamasyon Blg. 339, s. 2012, ang Schools Division Office of Iriga City ay nakikiisa sa pagdiriwang ng **Buwan ng Kasaysayan 2026** na may temang: **"Hinubog ng Bayan, Dinuyan ng Alon."**

2. Layunin ng pagdiriwang na higit pang mapalalim ang kamalayan, pagpapahalaga, at pagmamahal ng mga mag-aaral sa mayamang kasaysayan at kulturang Pilipino.

3. Hinihikayat ang lahat ng paaralan na magsagawa ng mga simple ngunit makabuluhang gawain sa buong buwan ng Agosto, tulad ng:

a. Pag-aanunsyo ng kahalagahan ng Buwan ng Kasaysayan kasabay ng seremonya ng pagtataas ng watawat;
b. Paglalagay ng impormasyon o visual displays tungkol sa mahahalagang pangyayaring pangkasaysayan sa bulletin boards o learning corners;
c. Pagpapabigkas o pagpapagawa ng sanaysay, tula, spoken poetry, poster, o iba pang malikhaing gawa na nagbibigay-pugay sa mga bayani at mahahalagang personalidad sa kasaysayan;
d. Pagsasagawa ng **Kasaysayan at Kulturang Pilipino Trivia**, quiz, o iba pang interactive learning activities;
e. Integrasyon ng mga paksang may kaugnayan sa Buwan ng Kasaysayan sa iba't ibang asignatura kung naaangkop; at
f. Iba pang gawaing nagtataguyod ng pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

4. Ang lahat ng gawaing isasagawa ay:

- **Hindi dapat makaabala o makagambala sa itinakdang instructional block** at regular na oras ng pagkatuto ng mga mag-aaral;

- Dapat na simple, makabuluhan, at naaayon sa kakayahan at konteksto ng paaralan;
- Dapat isagawa nang may pagsasaalang-alang sa kaligtasan, privacy, at kapakanan ng mga mag-aaral.

4. Hinihikayat ang bawat paaralan na magbahagi ng piling larawan at maikling ulat ng kanilang isinagawang aktibidad sa opisyal na Facebook Page ng paaralan at isumite ang mga ito sa **Education Program Supervisor sa Araling Panlipunan** para sa kaukulang konsolidasyon at dokumentasyon ng mga gawain sa dibisyon.

5. Upang matiyak ang iisang mensahe sa pagdiriwang, hinihikayat ang lahat ng paaralan na gamitin at ipalaganap ang mga opisyal na materyales ng ASEAN at Buwan ng Kasaysayan, kabilang ang:

- **The ASEAN Way Theme Song (Official ASEAN Anthem):** https://tinyurl.com/v56d492j
- **Official Philippine ASEAN 2026 Song – "One Vision, One Ocean":** https://tinyurl.com/DepEdOneVisionOneOcean

6. Para sa inyong kaalaman at patnubay.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalng Pansangay

Kalakip: gaya ng nasasaad
Ilalagay sa palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:
Kasaysayan Pagdiriwang

CID/jvt/fct
07/30/2026